# Nobyembre 2025 Espesyal na Halalan Pamplet para sa mga Botante ng Multnomah County sa Wikang Tagalog

# Dalawang paraan para Ibalik ang iyong Balota

Isumite ang iyong Balota sa pamamagitan ng sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo na namarkahan ng koreo nang o bago mag-Araw ng Halalan; o Ibalik ang iyong Balota sa isang Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota nang hindi lalampas sa 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan Nobyembre 4, 2025.

## Pamplet para sa mga Botante ng Multnomah County

## Nobyembre 4, 2025 - Espesyal na Halalan

## Makikita sa Loob ang Impormasyon sa Pagboto na Nasa Iba't Ibang Wika

## Mga Mahahalagang Paalala sa Halalan

**Huling Araw ng Pagrerehistro ng Botante**

Mag-rehistro para **makaboto bago mag-Martes, Oktubre 14, 2025**. Kung kinakailangan, i-update ang iyong impormasyon sa rehistro ng botante o magrehistro para makaboto sa OregonVotes.gov/MyVote

Mga Pagsasara ng at Pagbabago sa Opisyal na Lugar para sa Pagsusumite ng Balota Dahil sa Konstruksyon

Ang mga opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota ay naapektuhan ng mga pagsasara para sa konstruksyon ng aklatan ngayong halalan.

Sa loob ay may makikita kang karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa lokasyon ng Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota.

Mapagkakatiwalaang Impormasyon tungkol sa Halalan

**Tandaan:** Ang pinakamahusay na paraan para makahanap ang mga botante ng Multnomah County ng mapagkakatiwalaang impormasyon tungkol sa halalan ay ang pagbisita sa aming website sa MultnomahVotes.gov o pagtawag sa amin sa 503-988-VOTE (8683).

**Multnomah County Duniway-Lovejoy**

**Gusali para sa Pangangasiwa ng Halalan (Multnomah County Duniway-Lovejoy**

**Elections Building)**1040 SE Morrison Street, Portland, OR 97214**Karagdagang Lugar ng Serbisyo para sa Botante (Voting Center Express)**
(Sa loob ng Multnomah County East Building)
600 NE 8th Street, Gresham, OR 97030
Bukas sa Oktubre 20 – Nobyembre 4, 2025

**#MultnomahVotes**
@MultCoElections
Telepono:503-988-VOTE 800-735-2900 TTY
MultnomahVotes.gov elections@multco.us

**KAILANGAN NG TULONG SA PAGBOTO?**
Kontakin ang Halalang Pang-county ng Multnomah (Multnomah County Elections)
Telepono: 503-988-VOTE (8683)
Serbisyo ng Paghahatid ng mga Telekomunikasyon ng Oregon (Oregon Relay Service) (TTY): 711

**PAKITANDAAN: Iniimprenta ng Halalang Pang-county ng Multnomah ang impormasyon gaya ng naisumite. Hindi namin itinatama ang pagbaybay ng salita, bantas, gramatika, sintaks, mga mali o hindi tumpak na impormasyon.**

**Minamahal Naming Botante,**

Narito ang ilang bagay na dapat ninyong malaman tungkol sa Espesyal na Halalan sa Nobyembre 4, 2025:

- **Ang halalang ito ay para lamang sa mga rehistradong botante sa Lungsod ng Portland (City of Portland) at Distrito ng Paaralan ng Lake Oswego (Lake Oswego School District). Kung hindi ka rehistrado sa isa sa dalawang distrito na ito, hindi ka makatatanggap ng balota para sa halalang ito.**
- Ang huling araw ng pagpapaparehistro bilang botante ay sa **Martes, Oktubre 14, 2025.** Maaari mong tingnan ang iyong katayuan sa rehistrasyon at i-update kung kinakailangan sa www.oregonvotes.gov/MyVote
- Hindi bubuksan ng Multnomah County ang bawat lugar para sa pagsumite ng balota para sa halalang ito. Para sa listahan ng pinakamalapit na mga lugar para sa pagsumite ng balota sa iyong distrito, bisitahin ang aming website, www.multco.us/dropsites.
- **Limang opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota ang naapektuhan ng mga pagsasara para sa konstruksyon ng aklatan ngayong halalan. Kabilang dito ang: Mga aklatan ng Belmont, Hollywood, Rockwood, Sellwood – Moreland at St. Johns (**Belmont, Hollywood, Rockwood, Sellwood – Moreland and St. Johns libraries)**.** Kung madalas mong puntahan ang isa sa mga lokasyon ng mga aklatang ito, pakitingnan ang ating pahina ng Impormasyon sa Pagbabago ng Lokasyon ng Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota (pahina 9) para sa higit pang mga detalye kung paano ibabalik ang iyong balota sa isa sa ating mga bagong lokasyon ng opisyal na kahon ng balota.
- **Ang M&M Carwash/Regal Cinemas (SE Division at 165th Ave.) ay hindi na ituturing na opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota.** Sinisikap ng Dibisyon ng mga Halalan na magtatag ng bagong opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota sa komunidad na ito.
- Simula 8:00 p.m. sa gabi ng halalan, ang mga paunang resulta ng halalan ay ipo-post sa aming website, www.MultnomahVotes.gov.

Ang mga balota ay ipapadala sa koreo para sa mga rehistradong botante sa Miyerkules, Oktubre 15, 2025. Kung hindi mo matanggap ang iyong balota bago mag-Huwebes, Oktubre 23, 2025, tumawag sa 503-988-VOTE (8683) o mag-email sa elections@multco.us.

Para mabilang, ang mga binotohang balota ay kailangang **matanggap sa alinmang tanggapan para sa halalang Pang-county ng Oregon o sa** lokasyon ng **Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota** bago mag-**8:00 p.m., Martes, Nobyembre 4, 2025**, o **namarkahan ng koreo bago mag-Martes, Nobyembre 4, 2025**.

Taos-pusong sumasaiyo,

Tim Scott
Direktor sa Halalan ng Multnomah County

## Mga Detalyeng Dapat Malaman tungkol sa Pagboto at Halalan

**Sino ang maaaring mag-rehistro para makaboto sa Oregon?**
...Ikaw dapat ay isang mamamayan ng Estados Unidos,
...Isang residente ng Oregon.
...At hindi bababa sa 16 na taong gulang. Makukuha mo ang iyong unang balota sa pamamagitan ng koreo kapag ikaw ay 18 taong gulang na.

**Kailangan kang mag-rehistro para makaboto nang hindi bababa sa 21 araw bago ang Araw ng Halalan.**

**Paano ako maaaring mag-rehistro para makaboto?**


...Online sa oregonvotes.gov/register o
...Sa isang papel na Kard ng Rehistrasyon ng Botante ng Oregon na maaaring kunin sa tanggapan para sa pangangasiwa ng halalan, DMV, pampublikong aklatan, o post office.

**Paano isinasagawa ang pagboto sa pamamagitan ng koreo?**
Ang lahat ng halalan sa Oregon ay isinasagawa ng tanggapan para sa halalang pang-county. Direktang ipinapadala sa mga botante ng tanggapan para sa pangangasiwa ng halalan ang mga balota sa pamamagitan ng koreo. Kukumpletuhin ng mga botante ang kanilang mga balota, at pagkatapos ay ibabalik ang mga ito sa tanggapan para sa halalang pang-county sa pamamagitan ng koreo o paghulog sa mga ito sa isang Opisyal na Drop Box ng Balota.

**Ilang simpleng hakbang para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo:**


1) Mag-rehistro para Makaboto
2) Tumanggap ng Kard na may Rekord ng Rehistrasyon ng Botante
3) Tumanggap ng Pamplet para sa mga Botante
4) Tanggapin ang Iyong Balota
5) Bumoto gamit ang Iyong Balota
6) Ibalik ang Iyong Balota

**Paano bumoto gamit ang aking balota?**




Hanapin ang kandidato o tugon sa panukalang-batas (YES o NO (OO o HINDI)) na iyong napili. Ganap na itiman ang bilog sa kaliwa ng iyong napili gamit ang itim o asul na tinta. Huwag gumamit ng mga felt tip marker.

**Mga Boto para sa Pagsasama ng Pangalan**





Upang bumoto para sa pagsasama ng pangalan ng isang kandidato na hindi nakikita sa balota, ganap na itiman ang bilog sa kaliwa ng linyang nakalaan para sa naturang katungkulan at isulat ang buong pangalan ng kandidato sa linyang iyon.

- Tiyaking namarkahan mo nang tama ang iyong napili para sa bawat labanan.
- Ang iyong opisyal na balota ay maaaring maglaman ng mga labanang nakalathala sa magkabilang pahina ng iyong balota.
- Ilagay ang balota sa sobre para sa pagbabalik ng patunay ng pagkakakilanlan.
- Basahin ang Pahayag ng Botante na nasa sobreng ibabalik at lumagda sa kahon para sa lagda.
- **Hindi bibilangin ang iyong balota kung hindi mo nilagdaan ang sobreng ibinalik.**
- Ang bawat lagda ay kinukumpara sa lagda sa rehistrasyon na nasa file. Kailangang magkatugma ang mga lagda bago mabilang ang isang balota.

Kung bumoto ka ng mas maraming kandidato kaysa sa pinahihintulutan, o kung **pareho** mong binoto **ang Yes (Oo) at No (Hindi)** sa isang panukalang-batas, tinatawag itong bumoto nang labis at **hindi mabibilang** ang iyong boto para sa labanang iyon.

**Kung nagkamali ka o nagbago ang isip mo habang minamarkahan ang iyong balota,**

- Maaaring ikaw mismo ang magwasto nito. Tingnan ang halimbawa sa ibaba.
- **Gawing malinaw ang iyong pagpili** para maunawaan ang iyong hangarin at mabilang nang tama ang iyong boto.




- Kung hindi mo magawang iwasto ang iyong balota, maaari kang humiling ng pamalit na balota mula sa tanggapan para sa pangangasiwa ng halalan.

## Ibalik ang Iyong Balota



**Ipadala sa amin ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo ng U.S. Kailangang namarkahan ito ng koreo sa o bago ang Araw ng Halalan sa Martes, ika-4 ng Nobyembre, 2025. Hindi kailangan ng bayad sa koreo.**

**Dalhin ang iyong balota sa alinmang Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota sa Oregon bago mag-8:00 p.m. sa o bago ang Araw ng Halalan sa Martes, Ika-4 ng Nob., 2025.**

# 24 na Oras na Opisyal na Mga Lugar para sa Pagsumite ng Balota

### Portland

**North**

- **Rose Quarter** – matatagpuan sa timog na bahagi ng Rose Quarter katabi ng fountain at Rip City na sign – Sa normal na oras ng negosyo, maaaring may libreng parking nang 15 minuto o mas mababa sa Annex parking lot sa N. Drexler Dr sa labas ng Interstate Ave. (Hindi available ang parking kapag may mga kaganapan sa Rose Quarter.) **Walk-up lamang.**
- **Paaralang Elementarya ng James John (James John Elementary School)** – 8315 N Lombard St. – Ang Opisyal na Drop Box ng Balota ay nasa bangketa sa hilagang-kanlurang kanto ng N Lombard St. at Charleston Ave. **Walk-up lamang.**
- **Aklatan ng Kentong (Kenton Library)** (Library Book Drop) – 8226 N Denver Ave.
- **Aklatan ng North Portland (North Portland Library)** (Library Book Drop) – 512 N Killingworth St.
- **Dating Green Zebra Grocery (Formerly Green Zebra Grocery)** – 3011 N Lombard St. – Opisyal na Drop Box ng Balota ay matatagpuan sa bangketa. **Walk-up lamang.**
- **Liwasang McCoy (McCoy Park)** – matatagpuan sa timog-silangang kanto ng McCoy Park malapit sa sangandaan ng N Trenton St. at Newman Ave. **Walk-up lamang.**

**Northeast**

- **Aklatan ng Albina (Albina Library)** (Library Book Drop) – 205 NE Russell St.
- **Aklatan ng Gregory Heights (Gregory Heights Library)** (Library Book Drop) – 7921 NE Sandy Blvd.
- **McDonald's Restaurant** – 2010 NE César E Chávez Blvd. – Ang Opisyal na Drop Box ng Balota ay matatagpuan sa kanlurang bahagi ng NE 40th Ave sa pagitan ng NE Tillamook St at Hancock St.
- **Komunidad ng Parkrose** – 4390 NE 102nd Ave. – Opisyal na Drop Box ng Balota na matatagpuan sa silangang parking lot sa tapat ng kalye mula sa MHCC Maywood Park Center sa NE 102nd Ave. at Prescott St.

**Northwest**

- **(Aklatan ng Northwest) Northwest Library** (Library Book Drop) – 2300 NW Thurman St.

**Southeast**

- **Halalang Pang-county ng Multnomah (Multnomah County Elections)** – 1040 SE Morrison St.
  - **SE 11th Avenue** – Opisyal na Drop Box ng Balota na matatagpuan sa silangang bahagi ng SE 11th Ave. sa pagitan ng SE Morrison St. at Belmont St.
  - **SE Belmont Street** – Opisyal na Drop Box ng Balota na matatagpuan sa hilagang bahagi ng SE Belmont St. sa pagitan ng SE 10th Ave. at 11th Ave.
  - **1040 SE Morrison Street** –Ang Walk/Bike-up na Opisyal na Drop Box ng Balota ay isang puwestong nasa gilid ng gusali na matatagpuan sa kanto ng SE 11th Ave. at Morrison St.
- **Hawthorne Holds Pickup** (Library Book Drop) – 3557 SE Hawthorne Blvd. – Maaaring gamitin ng mga botante ang book drop at panloob na drop box ng balota.
- **Aklatan ng Holgate (Holgate Library)** – 7905 SE Holgate Blvd. – Ang Opisyal na Drop Box ng Balota ay nasa kaliwa ng contactless library holds pickup sa hilagang bahagi ng gusali, malapit sa parking lot. **Walk-up lamang.**
- **Aklatan ng Midland (Midland Library)** – 805 SE 122nd Ave. – Ang Opisyal na Drop Box ng Balota ay katabi ng puwesto para sa mga pagsasauli ng libro sa timog na bahagi ng gusali. Maaaring ihulog ang mga balota sa Opisyal na Drop Box ng Balota na matatagpuan sa parking lot ng aklatan.
- **Portland Mercado** – 7238 SE Foster Rd. – Ang Opisyal na Drop Box ng Balota ay matatagpuan sa plasa ng Portland Mercado sa SE Foster Rd. at 72nd Ave. **Walk-up lamang.**
- **Aklatan ng Rockwood (Rockwood Library) (**Opisyal na Drop Box ng Balota**)** – 17917 SE Stark St. – Tingnan ang Impormasyon sa Pagbabago ng Lokasyon ng

Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota (pahina 9) para sa higit pang detalye.

- **Aklatan ng Sellwood – Moreland (Sellwood – Moreland Library)** (Opisyal na Drop Box ng Balota) – 7860 SE 13th Ave. – Tingnan ang Impormasyon sa Pagbabago ng Lokasyon ng Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota (pahina 9) para sa higit pang detalye.
- **Aklatan ng Woodstock (Woodstock Library)** (Library Book Drop) – 6008 SE 49th Ave.

**Southwest**

- **A–Boy Supply** – 7365 SW Barbur Blvd.
- **Aklatan ng Capitol Hill (Capitol Hill Library)** (Library Book Drop) – 10723 SW Capitol Hwy.
- **Aklatan ng Hillsdale (Hillsdale Library)** (Library Book Drop) – 1525 SW Sunset Blvd.
- **Aklatan ng Central (Central Library)** (Library Book Drop) – 801 SW 10th Ave. – Ang mga balota ay maaaring ihulog sa **drive-up** book drop sa SW 11th Ave. sa pagitan ng SW Yamhill St. at Taylor St.
- **Pioneer Courthouse Square** – 700 block ng SW Broadway (sa tabi ng Starbucks at sa tapat ng Nordstrom) – **Walk-up lamang.**

## Gresham

- **Karagdagang Lugar ng Serbisyo para sa Botante (Voting Center Express) – Limitadong Oras** – Multnomah County East Building, 600 NE 8th St. – Mayroong Opisyal na Drop Box ng Balota na matatagpuan sa loob ng Karagdagang Lugar ng Serbisyo para sa Botante sa unang palapag ng Multnomah County East Building. Bukas lamang ito sa mga oras na bukas ang lugar ng serbisyo para sa botante. Kakailanganin mong pumarada at pagkatapos, lumakad papasok para ihulog ang iyong balota.

Para sa buong listahan ng mga karagdagang Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota, bisitahin ang:

- **Clackamas County:** www.clackamas.us/elections
- **Washington County:** www.washingtoncountyor.gov/elections

# Mga Pagbabago sa Lokasyon ng Opisyal na Drop Box ng Balota

Para sa impormasyon tungkol sa pagsasara ng Aklatan ng Multnomah County (Multnomah County Library), bisitahin ang: www.multcolib.org/library-construction-closures

**Dalhin ang iyong balota sa alinmang Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota sa Oregon bago mag-8:00 p.m. sa o bago ang Araw ng Halalan sa Martes, Ika-4 ng Nobyembre, 2025.**

Para sa listahan ng Opisyal na mga Lugar para sa Pagsumite ng Balota sa Multnomah County, bisitahin ang aming website: www.MultCo.us/Dropsites

**North Portland**

**Aklatan ng St. Johns (St. Johns Library)** – 7510 N Charleston Ave.
*Sarado ang aklatan dahil may ginagawa.*

Kung gagamitin mo ang aklatan ng St. Johns (St. Johns Library) para ihulog ang iyong balota, pakitandaan: ang pinakamalapit na opisyal na drop box ng balota ay matatagpuan sa bangketa ng Paaralang Elementarya ng James John (James John Elementary School) (8315 N Lombard St.) sa hilagang kanlurang kanto ng N Lombard St. at Charleston Ave. Isa itong walk-up na kahon ng balota.

**Northeast Portland**

**Aklatan ng Hollywood (Hollywood Library)** – 4040 NE Tillamook St.
*Sarado ang aklatan dahil may ginagawa.*

Kung gagamitin mo ang Aklatan ng Hollywood (Hollywood Library) para ihulog ang iyong balota, pakitandaan: ang pinakamalapit na opisyal na drop box ng balota ay matatagpuan sa McDonald’s Restaurant (2010 NE Cesar Chavez Blvd.) Maaaring gamitin ng mga botante ang opisyal na drop box sa kanlurang bahagi ng NE 40$^{th}$ Ave sa pagitan ng NE Tillamook St. at Hancock St.

**Southeast Portland**

**Aklatan ng Belmont (Belmont Library)** – 1038 SE César E Chávez Blvd.
*Sarado ang aklatan dahil may ginagawa.*

Kung gagamitin mo ang Aklatan ng Belmont (Belmont Library) para ihulog ang iyong balota, pakitandaan: ang pinakamalapit na opisyal na drop box ng balota ay matatagpuan sa loob ng Hawthorne Holds Pickup (3557 SE Hawthorne Blvd.) Magagamit ng mga botante ang book drop at ang drop box ng balota sa loob.

**Aklatan ng Rockwood (Rockwood Library)** – 17917 SE Stark St. (Opisyal na Drop Box ng Balota)
*Sarado ang aklatan dahil may ginagawa. Maaaring magbukas muli sa panahon ng pagboto.*

Ang 24 na oras na Opisyal na Drop Box ng Balota ay matatagpuan sa bangketa.

**Aklatan ng Sellwood – Moreland (Sellwood – Moreland Library)** – 7860 SE 13th Ave. (Opisyal na Drop Box ng Balota)
*Sarado ang aklatan dahil may ginagawa.*

Ang 24 na oras na Opisyal na Drop Box ng Balota ay matatagpuan sa bangketa.

# Gumawa ng plano na bumoto!

Nais ng Mga Halalang Pang-county ng Multnomah na makaboto ang lahat ng botante at malaman kung sino ang mahihingan ng tulong.

Tinutulungan ng Voter Assistance Team (VAT) ang mga botante na may kapansanan at mga botante na may iba pang mga tanong.

Makakapagbigay kami sa inyo ng tulong na:

- Magrehistro para makaboto o tingnan ang inyong pagpaparehistro ng botante.
- Markahan o basahin ang inyong balota.
- I-update o beripikahin ang iyong pangalan, address, o iba pang impormasyon ng botante.
- Unawain ang mga tuntunin ng halalan at mga hakbang sa  pagboto.

**Ang mga Serbisyong ito ay laging libre.**

Alamin ang higit pa tungkol sa ating mga opsyon sa tinutulungan at independiyenteng pagboto sa **MultnomahVotes.gov**

**Kontakin kami sa pamamagitan ng pagtawag, pag-email o paggamit ng aming online form:**

503.988.VOTE (8683) • elections@multco.us

Online:
**Multco.us/VATForm**

**Ano ang dapat mong gawin para (maghanda o magplano) sa Pagboto?**

- Maglaan ng oras para pag-isipan ang nilalaman ng iyong balota.
- Makipag-usap sa mga tao para talakayin ang mga isyu.
- Magsaliksik sa web, TV, radyo, o mga babasahin.
- Maglaan ng oras para pag-isipan ang iyong boto.

Para sa mga pagsasalin ng wika, pumunta sa MultnomahVotes.gov at mag-scroll hanggang sa dulong ibaba.

# Panukalang-Batas 3-628
# Distrito ng Paaralan Blg. 7J ng Lake Oswego (Lake Oswego School District No. 7J)

Mga bond para mapabuti ang kaligtasan at seguridad; i-update ang mga silid-aralan at kapasidad; gawing moderno ang mga pasilidad

**TANONG:**
Dapat bang panatilihin ng Distrito ang kasalukuyang tinatayang antas ng buwis sa bond, mag-isyu ng mga bond para mapabuti ang kaligtasan, ayusin ang mga paaralan, palawakin ang mga silid-aralan at edukasyong pangkabuhayan/teknikal?

Kung maaprubahan ang mga bond, babayaran ang mga ito mula sa mga buwis sa ari-arian o pagmamay-ari ng ari-arian na hindi napapailalim sa mga limitasyon ng seksyon 11 at 11b, Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon.

**BUOD:**
**Inaasahang mapapanatili ng panukalang-batas na ito ang kasalukuyang tinatayang antas ng buwis sa bond ng Distrito ng Paaralan ng Lake Oswego (Lake Oswego School District) at nagpapahintulot sa $245 milyon na halaga ng prinsipal ng mga bond para tustusan ang mga minsanang gastusin sa pamumuhunan (capital costs), kabilang ang:**

**<u>Mga Paaralang Ligtas, May Seguridad:</u>**

I-update ang mga sistema ng alarma sa sunog
Gawing pare-pareho ang antas ng seguridad ng mga pinto sa mga silid-aralan
Maglagay ng hardened glass
Palawakin ang saklaw ng mga camera na panseguridad
I-upgrade ang mga sistema ng komunikasyon para sa emerhensiya
Pahusayin ang kakayahan ng istruktura na makatagal sa kabila ng pagyanig dulot ng lindol (seismic structural resilience)

**Palitan ang Dalawang Pinakalumang Paaralan**

Palitan ang mga Paaralang Elementarya ng Forest Hills at Lake Grove (Forest Hills and Lake Grove Elementary Schools). Itinayo noong dekada 1940, nakabaon ang mga tubo ng tubig sa semento, at hindi kayang suportahan ng mga pundasyon ang pagpapatibay ng istruktura laban sa lindol (seismic strengthening).

**Pagpapaayos ng mga Nalulumang Pasilidad**

I-upgrade ang mga bubong, bintana, HVAC, tubo ng tubig, at sistemang elektrikal
I-update ang mga pasilidad panlibangan
Bumili ng mga kasangkapan, kagamitan, teknolohiya

**Mga Makabagong Kapaligiran sa Pag-aaral**

Palawakin ang mga espasyo para sa Agham Teknolohiya Edukasyon Matematika (Science Technology Education Math STEM), Edukasyong Pangkabuhayan at Teknikal (Career and Technical Education CTE) sa parehong high school
Bumili ng ari-arian, ayusin para sa Programa sa Paglipat patungo sa Komunidad (Community Transition Program)
Magdagdag ng mga silid-aralan upang matugunan ang pangangailangan sa Palisades

**Nangangailangan ng pangangasiwa ng komunidad at regular na mga pag-audit**

Maaaring mag-isyu ng maraming serye ng bond na ang bawat isa ay magma-mature sa loob ng 26 na taon. Inaasahang hindi patataasin ang antas ng bond nang mahigit $2.90 kada $1000 ng tinasang halaga. Ang aktuwal na mga antas ng ipapataw na buwis ay maaaring mag-iba dahil sa mga pagbabago sa mga antas ng interes at halaga ng ari-arian.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

Ang Distrito ng Paaralan ng Lake Oswego (Lake Oswego School District LOSD) ay nagsisilbi sa humigit-kumulang 6,800 mag-aaral sa 11 paaralan at patuloy na kinikilala bilang isa sa mga nangungunang sistema ng edukasyon sa K-12 sa Oregon, ayon sa Niche.

PAGTATAGUYOD NG KOMUNIDAD SA MGA PAARALAN

Ang panukalang-batas sa bond na ito ay kumakatawan sa huling yugto ng isang inisyatibang binubuo ng tatlong bahagi upang makapagtayo ng ligtas, moderno, at matatag na mga paaralan sa Lake Oswego.

**Tinatayang Mapapanatili ang Kasalukuyang Antas ng Buwis**

Kung maaprubahan, inaasahang mapapanatili ng $245 milyong bond ang kasalukuyang tinatayang antas ng buwis sa bond ng LOSD na $2.90 kada $1000 ng tinasang halaga ng ari-arian. Walang inaasahang pagtaas sa antas ng buwis sa bond.

**TUGUNAN ANG KASALUKUYANG MGA PANGANGAILANGAN**

- **Kaligtasan at Emerhensiya**
  Maraming paaralan ang makatatanggap ng mga pagpapabuti sa aspekto ng kaligtasan kabilang ang mga bagong sistema ng alarma sa sunog, mataas na antas ng seguridad ng mga pinto sa mga silid-aralan, pinalawak na saklaw ng mga camera na panseguridad, mga pag-upgrade sa komunikasyon para sa emerhensiya, at paglalagay ng mga bintanang may hardened glass.
- **Nalulumang Imprastruktura**
  Maraming gusali ng paaralan ang ilang dekada nang nakatayo at gumagamit pa ng mga lumang sistema. Aayusin o papalitan ang mga bubong, bintana, HVAC, tubo ng tubig, at sistemang elektrikal para suportahan ang maginhawa, ligtas, at mahusay na operasyon.
- **Mga Papalitan na Pinakalumang Paaralan**
  Ang mga Paaralang Elementarya ng Forest Hills at Lake Grove (Forest Hills and Lake Grove Elementary Schools), na itinayo noong dekada 1940, ay may mga luma nang sistema at nasisirang imprastraktura, kabilang ang mga tubo ng tubig na nakabaon sa semento at mga pundasyong hindi kayang patibayin laban sa lindol. Ang mga papalitan ay magiging mas mura kaysa sa mga malalaking aayusin.
- **Kapasidad ng Lugar para sa Pag-aaral**
  Makatatanggap ang Lakeridge at Lake Oswego High School (Lakeridge and Lake Oswego High Schools) ng pinalawak at na-upgrade na mga silid-aralan para sa Agham Teknolohiya Edukasyon Matematika (Science Technology Education Math STEM), Edukasyong Pangkabuhayan at Teknikal (Career and Technical Education CTE). Ang Paaralang Elementarya ng Palisades (Palisades Elementary) ay makatatanggap ng mga karagdagang silid-aralan para suportahan ang dumaraming enrollment. Ang Programa sa Paglipat patungo sa Komunidad (Community Transition Program), na tumutulong sa mga mag-aaral na may mga pagkaantala sa pag-unlad (developmental delays) habang naghahanda para sa independiyenteng pamumuhay, ay magkakaroon ng isang pasilidad na inilaan para sa kanila.

**2025 NA KAHILINGAN HINGGIL SA BOND**

Binuo sa tulong ng mga kinatawan ng komunidad, ang panukalang-batas sa bond na ito ay idinisenyo upang matugunan ang kasalukuyang mga pangangailangan habang pinananatili ang kasalukuyang tinatayang antas ng buwis sa bond ng LOSD.

Kung maipasa, popondohan ng bond ang:

**Mga Pagpapabuti sa Kalusugan, Kaligtasan at Seguridad**

- I-update ang mga sistema ng alarma sa sunog
- Maglagay sa mga silid aralan ng mga pintong may mataas na antas ng

seguridad at bintanang may hardened glass
- Palawakin ang saklaw ng mga camera na panseguridad
- I-upgrade ang mga sistema ng komunikasyon para sa emerhensiya
- Magdagdag ng mga pampatibay laban sa lindol (seismic reinforcements) batay sa Level 4 na mga pamantayan ukol sa "Agarang Pag-okupa."

**Pagpapanatili at Pag-upgrade ng mga Pasilidad**
- Ayusin ang bubong, bintana, HVAC, tubo ng tubig, at mga sistemang elektrikal
- Ibalik sa maayos na kalagayan ang mga pasilidad para sa pisikal na aktibidad
- Palitan ang mga kulang at sirang kasangkapan, kagamitan, at teknolohiya

**Mga Papalitan na Pinakalumang Paaralang Elementarya**
- Itayong muli ang mga Paaralang Elementarya ng Forest Hills at Lake Grove (Forest Hills and Lake Grove Elementary Schools) sa kasalukyang mga lugar

**Mga Pagpapalawak ng mga Lugar para sa Pag-aaral**
- Magdagdag ng mga silid-aralan para sa STEM at CTE sa parehong high school
- Bumili at baguhin ang isang pasilidad para sa Programa sa Paglipat patungo sa Komunidad (Community Transition Program)
- Magdagdag ng mga silid-aralan sa Paaralang Elementarya ng Palisades (Palisades Elementary)

**PANGANGASIWA AT PANANAGUTAN**

Ang mga pondo mula sa bond ay maaari lamang gamitin para sa mga proyektong inaprubahan ng mga botante. Kasama sa pangangasiwa ang:
- Isang Komiteng Tagapangasiwa hinggil sa Pananagutan kaugnay ng Bond (Bond Accountability Committee) na pinamumunuan ng mga mamamayan
- Mga regular na pag-audit at mga report ng paggasta kada ikatlong buwan
- Pagmomonitor ng Lupon ng Paaralan ng Lake Oswego (Lake Oswego School Board)
- Pagsunod sa mga layunin ng programa sa bond at batas ng estado

**MGA GASTOS**

Maaaring mag-isyu ng serye ng mga bond na ang bawat isa ay magma-mature sa loob ng 26 taon. Habang ang kabuuang antas ng buwis sa bond ng LOSD ay tinatayang mananatili sa $2.90 kada $1000 ng tinasang halaga, maaaring mag-iba ang aktwal na mga rate batay sa mga antas ng interes at tinasang halaga ng ari-arian.

Alamin ang higit pa sa losdschools.org/bond2025.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Dr. Jennifer Schiele, Superintendent)*

# Panukalang-Batas 26-260
# Lungsod ng Portland (City of Portland)

Panatilihin ang ligtas na mga parke, kalikasan, at abot-kayang libangan sa pamamagitan ng 5-taong pagpapataw ng buwis.

**TANONG:**
Dapat bang panatilihin ng Portland ang mga parke, libangan, pondohan ang mga pagpapaayos; limang-taong pagpapataw ng buwis na $1.40 kada $1000 ng tinasang halaga simula 2026-2027? Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang mahigit tatlong porsyento.

**BUOD:**
Noong 2020, inaprubahan ng mga botante ng Lungsod ng Portland (City of Portland) ang isang limang-taong pagpapataw ng buwis upang suportahan ang  pagpapatakbo ng mga parke at pasilidad na panlibangan na magwawakas sa 2025. Kung hindi maaprubahan ang isang bagong pagpapataw ng buwis, mababawasan ang badyet sa pagpapatakbo ng mga Parke nang halos kalahati, na magdudulot ng mas kaunting programa at serbisyo.

Mapapanatili ng isang bagong limang-taong pagpapataw ng buwis ang operasyon, at mapopondohan ang mga malalaking, pangmatagalang proyekto (capital projects):

**TIYAKIN ANG PANGANGALAGA AT KALINISAN NG MGA PARKE SA KOMUNIDAD**

- Araw-araw na paglilinis ng mga palikuran, pagkuha ng basura
- Regular na pangangalaga, mga simpleng pag-aayos
- Pag-aayos o pagkukumpuni ng mga pasilidad tulad ng mga palaruan, palikuran, at swimming pool
- Pagpapatrolya ng mga park ranger para sa kaligtasan, at pagtugon sa mga insidente

**PANGALAGAAN ANG KALIKASAN SA GITNA NG PAGBABAGO NG KLIMA**

- Magtanim, pangalagaan ang mga puno
- Protektahan ang mga likas na lugar, ruta (trails), kalidad ng tubig, at tirahan ng mga buhay-ilang
- Tanggalin ang mga talahib at panatilihing bukas ang mga daan para sa emerhensiya upang maiwasan ang panganib ng sunog sa kagubatan

**PANATILIHIN ANG PAG-AKSES SA PROGRAMA**

- Ipagpatuloy ang libre at may deskuwentong mga programang panlibangan para sa mga pamilyang mahihirap
- Panatilihin ang mga klase, oras sa sentrong pangkomunidad, mga sentrong pang-sining at pangkultura, mga parke, at mga swimming pool

Susuriin ng isang komite ng komunidad na tagapangasiwa ang paggamit ng pondo mula sa ipapataw na buwis, at magbibigay ito ng taunang ulat. Kinakailangan ang independiyenteng pag-audit.

Ang karaniwang may-ari ng bahay ay magbabayad ng humigit-kumulang $310 kada taon, o $26 kada buwan - $11 buwanang pagtaas.

Makalilikom ang pagpapataw ng buwis ng humigit-kumulang $86,268,997 sa 2026–2027, $88,719,730 sa 2027–2028, $91,411,705 sa 2028–2029, $93,588,449 sa 2029–2030, at $96,068,483 sa 2030–2031, na may kabuuang $456,057,364.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

Magbibigay-daan ang Panukalang-Batas na ito sa Lungsod ng Portland (City of Portland) na magpataw ng buwis na $1.40 kada $1000 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon para sa pagpapatakbo ng mga parke at sistemang panlibangan. Papalitan at tataasan nito ang halaga ng kasalukuyang $0.80 kada $1000 ng tinasang halaga ng ipinapataw na buwis na magwawakas pagkatapos ng taon ng pananalapi 2025-2026. Sa $1.40 kada $1000 na tinasang halaga ng ipinapataw na buwis, $1.37 ay para sa pagpapatakbo ng mga parke at pasilidad na panlibangan at $0.03 ay para sa malalaking, pangmatagalang mga proyekto (capital projects). Planadong isasama, ngunit hindi limitado sa mga serbisiyo at programa ang:

- Pag-ayos sa mga palaruan sa parke, swimming pool at splash pad, mga palikuran, at iba pang pasilidad na kailangan ng kritikal na mga pagkukumpuni.

Ang ipapataw na buwis ay patuloy na magpapatupad ng:

- Araw-araw na paglilinis ng mga palikuran at pagkuha ng basura sa bawat parkeng may pasilidad.

- Mga aktibidad sa panahon ng tag-init at Libreng Lunch & Play na mga programa, mga pelikula at konsyertong Libre para sa Lahat.

- Inspeksyon sa bawat itinanim na puno sa parke, sa pamamagitan ng paggawa ng maagap na pangangalaga sa mga puno sa parke upang bigyang priyoridad

ang kaligtasan ng publiko.

- Karagdagan at patuloy na gawain araw-araw sa mga parke, natural na lugar, ruta (trail), at sentrong pangkomunidad, kabilang ang:

  Kaligtasan
  - Pagsuporta sa kaligtasan sa pamamagitan ng mga pagsusuri ng panganib sa mga parke at natural na lugar, pagpapatrolya ng mga Park Ranger, pagtugon sa mga insidente, at pagsasara ng mga pasilidad sa gabi.
  - Pagsasagawa ng mga hakbang para sa pag-iwas sa malawakang sunog sa pamamagitan ng pagtanggal ng mga talahib, pagputol ng mga sanga ng puno, pag-alis ng mga mapaminsalang (invasive) species at iba pang mga panganib, at pagpapanatili ng mga bukas na daanan para sa emerhensiya.

  Regular na Pangangalaga
  - Inspeksiyonin ang mga ari-arian sa parke tulad ng mga palaruan, daanan (pathway), ruta (trail), tulay, at sentrong pangkomunidad.
  - Pag-aayos ng mga ari-arian sa parke at pagsasagawa ng regular na pangangalaga gaya ng pagpipintura, pagkakarpintero, elektrikal, mekanikal, at pagkakabit ng mga tubo.
  - Pagbutihin ang pagiging ligtas, naaakses, at kapaki-pakinabang sa buong taon ng mga daanan at ruta sa parke sa pamamagitan ng mga pag-aayos at pag-aalis ng mga panganib.

  Kalikasan
  - Pagsuporta sa ating kapaligiran sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga katutubong halaman, pagpapabuti sa tirahan ng mga buhay-ilang, pagpapatatag sa mga dalisdis, at pag-aalaga sa mga ari-arian tulad ng mga karatula, tarangkahan, bakod, imburnal, at tulay.
  - Pagtatanim ng mga bagong puno sa mga lugar na may kakaunting puno.

  Abot-kayang mga Programa
  - Pagbibigay ng libre at murang mga opsyon para ang bawat mamamayan ng Portland, anuman ang kanilang kinikita, ay makabahagi.
  - Panatilihing bukas ang mga sentrong pangkomunidad at swimming pool na mayroong iba’t ibang programa at mga klase.

Pamumuhunan sa mga partnership upang maghatid ng mga serbisyo, programa, at inisyatiba ng komunidad, kabilang ang pag-akses sa mga pasilidad ng PP&R para sa mga programang ibinibigay ng partner. Gamitin ang lakas ng mga boluntaryo at pakikipagtulungan sa lokal at panrehiyong mga grupo upang mapabuti ang kaligtasan, pagpapanatili, pagkakakonekta, at pangmatagalang pangangalaga sa mga parke at sistemang panlibangan sa Portland.

Itatalaga ang isang komite ng komunidad na tagapangasiwa para suriin ang mga paggasta ng pondo mula sa ipapataw na buwis, mga datos, at minimum na pamantayan sa pagganap, at magreport taun-taon sa Konseho ng Lungsod bilang bahagi ng proseso sa pagbabadyet. Ipatutupad ng Kawanihan ng mga Parke (Parks Bureau) ang pag-audit sa pagganap upang matiyak na ang mga serbisyong pinondohan mula sa pagpapataw ng buwis ay patuloy na naaayon sa layunin ng mga botante.

Tinatantya ng Lungsod na ang antas ng ipapataw na buwis na $1.40/$1000 ng tinasang halaga ay aabot sa humigit-kumulang $11 kada buwan para sa karaniwang residensiyal na ari-arian, bukod pa sa kasalukuyang ipinapataw na buwis (o $26 kada buwan). Inaasahang makalilikom ito ng humigit-kumulang $86 na milyon sa unang taon, na may tinatayang average na $91 milyon na malilikom taun-taon sa loob ng limang taon. Kung hindi maaprubahan ang isang bagong pagpapataw ng buwis, mababawasan ang badyet sa pagpapatakbo ng mga Parke nang halos kalahati, na magdudulot ng mas kaunting programa at serbisyo.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Elana Pirtle-Guiney, Presidente ng Konseho ng Lungsod ng Portland)*